KINANG

Awit para sa Ika-60 Taon ng Siena College of Taytay

Musika at Titik: Gian-Carlo V. Arsciwals
Karagdagang Musika: Darren Bancod
Areglo: Darren Bancod

I
Ano nga ba itong aking nadarama
Natutuwa, nagagalak, punong puno ng saya
Hindi ko maipaliwanag, ngunit nagbibigay liwanag
Kislap ng tagumpay sa 'ting mga kamay

Koro:
Nagliliwanag ang ating ngayon at bukas
Di lang ningning, sadyang kislap na kay busilak
Wala na ngang masabi pa, tunay na ilaw kayganda
Mula noon, hanggang ngayon
At magpakailanman

II
Heto na nga tayo, ating animnapu
Pagsubok, pagbabago, niyakap, tinanggap
Tuloy tuloy, walang atrasan, wala nang balikan pa
Kinang ng tagumpay sa 'ting mga kamay

Koro:
Nagliliwanag ang ating ngayon at bukas
Di lang ningning, sadyang kinang na kay busilak
Wala na ngang masabi pa, tunay na ilaw kayganda
Mula noon, hanggang ngayon
At magpakailanman

Siena College of Taytay

Tulay:
Kintab, kislap, ningning, liwanag,
Kutitap, kinang, sadyang busilak,
Ilaw na siyang gabay
Tanglaw sa ating bukas

Koro:
Nagliliwanag ang ating ngayon at bukas
Di lang ningning, sadyang kinang na kay busilak
Wala na ngang masabi pa, tunay na ilaw kayganda
Mula noon, hanggang ngayon
At magpakailanman

Koda:
Mula noon, hanggang ngayon
Mula dito, hanggang doon
Siena College of Taytay
Ngayon at kailanman